# NAKALALASON NA LIGAW NA MGA KABUTE
## (POISONOUS WILD MUSHROOMS)



> Ang mga nakalalason na mga ligaw na kabute ay kadalasang makikita matapos ang pag-uulan sa panahon ng autumn.

> Ang mga ito ay matatagpuan sa maraming mga lugar, kasama na dito ang kasukalan (bushland), kagubatan, pampublikong parke, palaruan, mga oval ng paaralan, mga paddock ng sakahan at mas malapit sa pamamahay sa iyong sariling hardin sa damuhan, compost, mulch o dayami.

> Manmanan nang mabuti ang iyong mga anak at alagang hayop kapag ikaw ay nasa labas dahil ang mga kabute ay madaling maabot at mukhang kawili-wiling kainin.

> Para sa mga taong nanirahan sa ibang bansa, dapat nilang malaman na ang nakalalason na mga kabute sa Australya ay maaaring kahawig ng mga kabute na maaaring kainin na nakikita sa ibang bansa.

> Ang 'Death cap' na mga kabute ay ang pinaka-delikado na uri at maaaring magsanhi ng nakamamatay na pagkasira ng atay. Ang pagluto o pagbalat nito ay hindi nakatatanggal ng lason. Ang 'Death cap' ay tumutubo sa oak, hazel at chestnut na mga puno, nguni't ang nakamamatay na mga kabute ay maaaring tumubo kahit saan. Ang mga kabute na ligtas kainin ay ang mga nabibili sa mapagkakatiwalaang nagbebenta ng mga gulay o pamilihan.

> Kung mayroong aksidenteng nakakain ng ligaw na kabute, huwag hintayin na magsimula ang sintomas at tumawag sa **Poisons Information Centre sa numerong 13 11 26** at sundin ang kanilang payo. Ang sinumang nagkasakit matapos kumain ng ligaw na kabute ay dapat na magptingin kaagad sa doktor.
**Sa emergency, laging tumawag sa tatlong zero (000).**

## Sa mga sintomas ng pagkakalason mula sa ligaw na kabute, kasama dito ang:


**> Marahas na paghilab ng tiyan**
**> Sakit ng tiyan**
**> Pagsusuka**
**> Pagduduwal**
**> Pagtatae**

**Ang sintomas ay kadalasang nagsisimula nang 3-6 na oras matapos kumain ng kabute at maaaring tumagal ito nang 3 araw.**

**Ang pinakadelikado na mga kabute ay maaaring may sintomas na matagal magsimula at umaabot ito nang 24 na oras matapos kumain.**

**www.sahealth.sa.gov.au/mushroompoisoning**





Government of South Australia
SA Health

FIS: 22058